Bakit obligatoryong magpatirapa sa ibabaw ng luwad na mula sa Karbala?

Hindi ! Ngunit mas ginusto ng mga Shi'ah na magpatirapa sa lupa ng Karbala dahil sa halagang ipinagkaloob dito ng Propeta (s) at ng mga Imam mula sa kanyang Pamilya (*Ahl al-Bayt*). Pagkatapos ng pagkamartir ng Imam Husayn (a), ang kanyang anak na Imam Zayn al-'Abidin (a) ay pumulot ng kapiraso, ipinahayag bilang sagradong alabok at itinago sa isang supot. Ang mga Imam ay laging nagpapatirapa sa ibabaw nito at gumagawa ng rosaryo (*tasbih*) mula rito, at pumupuri sa Panginoon sa pamamagitan nito.

[Ibn Shahrashub, *al-Manaqib*, tomo 2, p. 251]

Hinimok din nilang mga Shi'ah na magpatirapa sa ibabaw nito, sa pagkakaalam na ito'y hindi obligatoryo ngunit sa dahilang pagkamit ng higit na gantimpala. Ipinagdiin ng mga Imam na ang pagpatirapa sa Allah ay dapat na sa ibabaw ng lupang malinis lamang at mas kanais-nais kung ito'y isinasagawa sa ibabaw ng naturang lupa ng Karbala.

[al-Tusi, *Misbah al-Mutahajjad*, p. 511]

[al-Saduq, *Man la yahduruhu'l faqih*, tomo 1, p. 174]

Ang mga Shi'ah ay mahabang panahong kumukupkop ng lupang ito. Kaya sa pangangambang ito'y malapastangan, minasa nila ito bilang mga maliliit na lapida o piraso na ngayon ay tinatawag na *mohr* o *Turbah*. Sa oras ng pagdarasal nagpapatirapa kami sa ibabaw nito hindi bilang gawang obligatoryo ngunit dahil sa natatanging uri nito. Sa ibang pagkakataon, kung wala kaming daladalang lupang puro nagpapatirapa kami sa lupang malinis, o anumang nagmumula rito.

Nakakalungkot na may mga taong malisyang iginigiit na ang mga Shi'ah ay sumasamba sa mga bato o di kaya'y sa Husayn (a). Ang katotohanan ay sumasamba kami sa Allah lamang sa paraang pagpatirapa *sa ibabaw* ng *Turbah*, hindi *rito*. At hinding-hindi kami sumasamba sa Imam Husayn, Imam 'Ali, o di kaya'y sa Propeta Muhammad (s). Tanging Allah lamang ang aming sinasamba at sang-ayon sa kautusan ng Allah na lumuluhod lamang kami sa ibabaw ng lupang puro.

Konklusyon:

Ito ang dahilan kung bakit ang mga Shi'ah Muslim ay nagdadala ng mga maliliit na lapida, na kadalasang gawa mula sa lupa ng Karbala na nagbibigay pagkakataon sa kanilang lumuhod sa ibabaw ng naturang masyado itinagubilin na bagay, at sumunod sa *sunnah* ng Propeta (s).

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa totoong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v1.0

Kaya ipagdiwang ang mga kapurian ng iyong Panginoon, at makibilang sa kanilang nagpapatirapa sa pagsamba
(Qur'an 15:98)

Bakit ang mga Shi'ah ay Nagpapatirapa sa Ibabaw ng *Turbah* ?

Mas ginusto ng mga Shi'ah Muslim na magpatirapa sa ibabaw ng maliit ng tipak ng lupang tinatawag na *Turbah* na kadalasang gawa sa luwad na nagmumula sa lupain ng Karbala sa Iraq.

Sang-ayon sa *fiqh* ng Shi'ah Ja'fari – na isa sa limang pangunahing pangkat ng hurisprudensiya sa Islam – pagpatirapa (*sujud*) ay dapat na isagawa sa ibabaw ng lupang puro o anumang tumutubo rito, sa kondisyong ito'y hindi kinakain o isinusuot. Kabilang dito ang alabok, bato, buhangin, at damo, kung ito'y hindi mineral. Pagpatirapa sa ibabaw ng papel ay pinapahintulutan dahilan sa ito'y gawa sa materyal na tumutubo sa lupa, ngunit hindi damit o mga alpombra.

Ang mga hurisprudento ng lahat ng mga pangkat ng hurisprudensiyang Sunni ay nagkaisa hinggil sa katumpakan ng pagpatirapa sa lupa at sa anumang tumutubo rito.

Nagawa ba ito ng Propeta (s) at ng kanyang mga Kasamahan?

Ang pagdarasal sa ibabaw ng lupa ay tiyak na gawi ng Propeta (s) at ng yaong mga nakapaligid sa kanya.

- Isinalaysay ni Abu Sa'id al-Khudri: Nakita ko ang Sugo ng Allah na nakatirapa sa putik at tubig at nakita ko ang marka ng putik sa kanyang noo.
  [Al-Bukhari, *Sahih* (Traduksiyong Ingles), tomo 1, aklat 12, blg. 798; tomo 3, aklat 33, blg. 244]
- Isinalaysay ni Anas ibn Malik: Madalas kaming nagdarasal kasama ang Propeta sa matinding init, at kung sinuman sa amin ang hindi nakakayang lumagay ng kanyang mukha sa ibabaw ng lupa (dahilan sa init) naglalatay siya ng mga tela at sa ibabaw nito lumuluhod.
  [Al-Bukhari, *Sahih* (Traduksiyong Ingles), tomo 2, aklat 22, blg. 299]

Ayon sa *hadith* na ito, sa mga pagkakataong di pangkaraniwan lamang na ang Propeta (s) at kanyang mga Kasamahan ay nagpapatirapa sa ibabaw ng tela. Ang Propeta'y (s) madalas na may *Khumra* kung saan niya nilalagay ang kanyang noo sa pagpatirapa (*sujud*).

- Isinalaysay ni Maymuna: Ang Sugo ng Allah ay laging nagdarasal sa ibabaw ng isang *Khumra*.
  [Al-Bukhari, *Sahih* (Traduksiyong Ingles), tomo 1, aklat 8, blg. 378]
- Ayon kay al-Shawkani, isang bantog na pantas na Sunni, higit sampung mga Kasamahan ng Propeta (s) ay nakapag-ulat ng mga tradisyong bumabanggit ng kanyang pagpatirapa sa ibabaw ng *Khumra*. At itinala niya ang lahat ng pinagkukunang akdang Sunni na nag-uulat ng yaong mga tradisyon na kabilang ang **Sahih Muslim, Sahih al-Tirmidhi, Sunan Abu Dawud, Sunan al-Nisa'i**, at marami pang iba.
  [Al-Shawkani, *Nayl al-Awtar* , Kabanata: Pagluhod sa Ibabaw ng Khumra, tomo 2, p. 128]

Ano ngayon ang isang *khumrah* ?

- isang maliit na banig na sapat lang para sa mukha at mga kamay habang nakatirapa sa pagdarasal.
  [Al-Bukhari, *Sahih* (Traduksiyong Ingles), tomo 1, aklat 8, blg. 376 (ayon sa nakapanaklong na paliwanag ng traduktor)]

Isinulat ni Ibn al-'Athir, isa pang tanyag na pantas na Sunni, sa kanyang *Jami' al-Usul*:

- "Ang *Khumra* ay (katulad ng) kung saan isinasagawa ng mga Shi'ah sa ating panahon, ang kanilang mga pagpatirapa."
  [Ibn al-'Athir, *Jami' al-Usul*, (Cairo, 1969), tomo 5, p. 467]
- "Ang *Khumra* ay isang maliit na banig na gawa mula sa mga himaymay ng palmera o ibang materyal. . . at ito'y katulad ng ginagamit ng mga Shi'ah sa pagpatirapa."
  [*Talkhis al-Sihah*, p. 81]

Pero bakit ang lupa ng Karbala?

Ang mga natatanging katangian ng lupa ng Karbala (sa Iraq) ay kilala at ito'y tampulan ng natatanging pansin sa panahon ng Propeta (s) at maging sa mga sumusunod na mga panahon:

- **Ang Umm Salama'y nagsasabi: Nakita ko ang Husayn (a) na nakaupo sa sinapupunan ng kanyang lolo, ang Propeta (s) na may isang pirasong alabok at nagtatangis. Tinanong ko siya kung ano ang naturang alabok. Sinabi ng Propeta (s): "Ipinaalam sa akin ng (Anghel) Gabriel na ang aking anak, itong Husayn, ay masawi sa Iraq. Dinala niya ang alabok na ito para sa akin mula sa lupaing yaon. Nagtatangis ako para sa kahirapang sasapitin ng aking Husayn." Pagkatapos ibinigay ng Propeta (s) ang alabok kay Umm Salama at sinabi sa kanya: "Kung makita mong maging dugo ang alabok na ito, malalaman mong ang aking Husayn ay pinatay." Itinago ni Umm Salama ang alabok sa ilalim na isang bote at laging minamasdan ito hanggang sa nakita niya sa araw ng Ashura, ika-10 ng Muharram 61 A.H., na ito'y naging dugo. Pagkatapos napag-alaman niyang si Husayn ibn 'Ali (a) ay namartir.**
  [al-Hakim, *al-Mustadrak*, tomo 4, p. 398; al-Dhahabi, *Siyar a`lam al-nubala'*, tomo 3, p. 194; Ibn Kathir, *al-Bidayah wa'l-nihayah*, tomo 6, p. 230; al-Suyuti, *Khasa'is al-kubra*, tomo 2, p. 450; *Jam` al-Jawami*, tomo 1, p. 26]
  [Ibn Hajar al-Asqalani, *Tahdhib al-tahdhib* , tomo 2, p. 346]

- **Pagpatapos ng Digmaan sa Siffin, nakadaan ang 'Ali ibn Abi Talib sa Karbala. Kumuha siya ng sandakot ng lupa nito at ibinulalas: "Ah, ah, sa dakong ito ilang mga tao ay papatayin, at mapaparaiso nang walang pagtutuos!"**
  [Ibn Hajar al-Asqalani, *Tahdhib al-tahdhib* , tomo 2, p. 348]